BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Nagbabalik ang holiday magic sa downtown Brampton sa taunang Winter Lights Festival

BRAMPTON, ON (Nobyembre 10, 2021) – Panahon na para damhin ang diwa ng holiday at wala nang mas magandang lugar para gawin iyan kaysa downtown Brampton. Damhin ang saya sa taunang Winter Lights Festival ng Lungsod na ipinipresenta ng Fieldgate Developments, na magaganap sa Biyernes, Nobyembre 19 hanggang Linggo, Nobyembre 21, sa mga aktibidad ng pamilya-kaibigan na tiyak na mag-i-enjoy ang lahat
.

**Tree Lighting Countdown**
Ken Whillans Square
Biyernes, Nobyembre 19 mula 6:45 pm

Hayaang magsimula ang countdown sa holiday! Panoorin ang 60-talampakang spruce tree sa Ken Whillans Square na magkakabuhay sa higit sa 10,000 ilaw.

**Winter Lights Walk-Thru Experience**
Gage Park
Biyernes, Nobyembre 19 hanggang Linggo, Nobyembre 21, gabi-gabi mula 6 – 10 pm

Gumala sa Gage Park para sa pinakamagandang karanasan sa holiday light na inihahandog ng Alectra. Mag-enjoy sa hanay ng magical light displays at higit sa 145,000 kumikintab na LED lights, binabago ang parke tungo sa isang winter wonderland.

**Christmas Market**
Ken Whillans Square

- Biyernes, Nobyembre 19, mula 4-10 pm
- Sabado, Nobyembre 20, mula 12-10 pm
- Linggo, Nobyembre 21, mula 12-5 pm

Suportahan ang mga lokal na negosyo at umpisahan ang inyong pang-holiday na pamimili sa outdoor Christmas Market sa taon na ito. Tuklasin ang mga local na artist, vendor at mas marami pa habang pinupuntahan ang mga stall para maghanap ng perpektong walang kaparehong mga regalo.

Para sa karagdagang impormasyon sa lahat ng Winter Lights festivities, bisitahin ang brampton.ca/winterlights

Salamat sa ating generous na mga isponsor, TD, Bell, Coke Canada Bottling, Meridian Credit Union at at Tim Hortons.

**Mga Quote**

"Nagkakabuhay muli ang mga holiday sa downtown Brampton sa taunang Winter Lights Festival! Pagkatapos ng isa na namang mahabang taon, ang event na ito ay talagang espesyal dahil lahat tayo ay ligtas na magsasama-sama nang personal para ipagdiwang ang mga holiday kasama ang isa't isa. Iniimbitahan ko ang lahat ng residente na sumali sa mga event sa taon na ito at damhin ang karanasan sa Winter Lights! Tiyakin na mamili rin sa Christmas Market para ipakita ang inyong suporta sa ating mga lokal na artist at mga negosyo sa holiday season na ito. Inaasahan kong makikita kayo doon!"
- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

"Napakaganda na makitang bumalik ang taunang Winter Lights Festival sa personal na event sa taon na ito para ang bawat isa ay makakaranas ng magic sa mga holiday at sa ganda ng downtown sa panahon na ito ng taon. Tiyakin na bisitahin ang Christmas market para ipakita ang inyong suporta sa ating mga lokal na vendor. Magsaya at manatiling ligtas sa Brampton!"
- *Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10; Chair, Corporate Services, Lungsod ng Brampton*

"Ang Event team ng Lungsod ng Brampton ay nagsisikap nang mabuti para gumawa nitong magical event na mai-enjoy ng lahat habang nagpapatuloy ang muling pagbubukas. Salamat sa dedikasyon at tiyaga ng komunidad nagagawa nating ma-enjoy itong personal na event at magkasamang ipagdiwang ang mga holiday."
- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**
Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca